HEKASI 4

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# MGA REHIYON NG BANSA


**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

GRADE IV

# MGA REHIYON NG BANSA




## ALAMIN MO

Ang ating bansa ay mahahati sa mga rehiyon. Hinati-hati ito upang maging maayos at mabilis ang pamamahala sa bansa. Ang mga pulo at lalawigan sa Pilipinas ay pinagpangkat-pangkat sa bisa ng Atas ng Pangulo Bilang 773. Tinawag itong mga rehiyon.

Sa modyul na ito, matututuhan mo:

- ang 17 rehiyon ng bansa
- maituro sa mapa ng Pilipinas ang iba't ibang rehiyon at mga lalawigang bumubuo sa bawat isa


2004 EDITION
CLIMATE MAP OF THE
PHILIPPINES
KILOMETERS
SCALE 1 : 4,500,000
POLYCONIC PROJECTION
LEGEND
CAPITAL OF THE PHILIPPINES
PROVINCIAL CAPITAL
CITY
INTERNATIONAL BOUNDARY
REGIONAL BOUNDARY
PROVINCIAL BOUNDARY
RIVER
BASED ON MODIFIED CORONAS CLASSIFICATION
TYPE I Two pronounced seasons: dry from November to April, wet during the rest of the year.
TYPE II No dry season with a very pronounced maximum rainfall from November to January
TYPE III Seasons not very pronounced; relatively dry from November to April and wet during the rest of the year
TYPE IV Rainfall more or less evenly distributed throughout the year.
TAIWAN
CAR
REGION I
REGION II
REGION III
NCR
REGION IV-A
REGION IV-B
REGION V
REGION VI
REGION VII
REGION VIII
REGION IX
REGION X
REGION XI
REGION XII
REGION XIII
ARMM
SOUTH CHINA SEA
LUZON SEA
PHILIPPINE SEA
SULU SEA
MINDANAO SEA
CELEBES SEA
KALAYAAN ISLANDS GROUP
MALAYSIA (SABAH)
Frequency of Tropical Cyclones
Published By:
PROSTYLE GRAFIX
COPYRIGHT© 2004
PROSTYLE GRAFIX

## PAGBALIK-ARALAN MO

## PAG-ARALAN MO

Noong una, mayroon lamang labintatlong (13) rehiyon. Sa pagbabago ng mga pamamahala at kalagayang pangkabuhayan at pampulitika nabago ang mga pagkakahati-hati ng mga rehiyon sa bansa. Sa kasalukuyan ay narito ang talaan ng mga rehiyon. Tingnan mo ang talahanayan. Pag-aralan ang mga ito.

| BILANG | | KATAWAGAN |
|---|---|---|
| **LUZON** | I | Rehiyong Ilocos |
| | II | Rehiyon ng Lambak ng Cagayan |
| | III | Rehiyon Gitnang Luzon |
| | IV-A | Rehiyon ng CALABARZON |
| | IV-B | Rehiyong MIMAROPA |
| | V | Rehiyong Bicol |
| | CAR | Rehiyong Administratibo ng Cordillera |
| | NCR | Pambansang Rehiyon |
| **VISAYAS** | VI | Rehiyon ng Kanlurang Visayas |
| | VII | Rehiyon ng Gitnang Visayas |
| | VIII | Rehiyon ng Silangang Visayas |
| **MINDANAO** | IX | Rehiyon ng Zamboanga Peninsula |
| | X | Rehiyon ng Hilagang Mindanao |
| | XI | Rehiyon ng Davao |
| | XII | Rehiyon ng SOCSSARGEN |
| | XIII | Rehiyong CARAGA |
| | ARMM | Rehiyong Autonomo ng Muslim Mindanao |



Pag-isipan, bilangin at isa-isahin mo.

1. Ilang rehiyon ang nasasakupan ng Luzon? ng Visayas? ng Mindanao? Anu-ano ang mga ito?
2. Bakit kaya tinawag na Rehiyon ng Ilokos ang Rehiyon I?
3. Ano ang pangunahing wika na ginagamit sa mga rehiyon sa Visayas?
4. Ilan lahat ang mga rehiyon?
5. Bakit tinatawag na Kamusliman ang rehiyong ARMM?

Anu-ano ba ang mga lalawigan na bumubuo sa iba't ibang rehiyon? Narito ang mga talaan. Pag-aralan mo rin.

**I. Rehiyong Ilocos**
1. Ilocos Norte
2. Ilocos Sur
3. La Union
4. Pangasinan

**II. Rehiyon ng Cagayan**
1. Batanes
2. Cagayan
3. Isabela
4. Nueva Vizcaya
5. Quirino

**III. Rehiyon ng Gitnang Luzon**
1. Tarlac
2. Nueva Ecija
3. Zambales
4. Pampanga
5. Bataan
6. Bulacan
7. Aurora

**IV. – A. CALABARZON**
1. Cavite
2. Laguna
3. Batangas
4. Rizal
5. Quezon

**IV. – B. MIMAROPA**
1. Mindoro Oriental
2. Mindoro Occidental
3. Marinduque
4. Romblon
5. Palawan

**V. Rehiyong Bicol**
1. Camarines Norte
2. Camarines Sur
3. Catanduanes
4. Albay
5. Sorsogon
6. Masbate

**VI. Rehiyon ng Kanlurang Visayas**
1. Aklan
2. Capiz
3. Iloilo
4. Negros Occidental

**VII. Rehiyon ng Gitnang Visayas**
1. Negros Oriental
2. Cebu
3. Bohol
4. Siquijor

**VIII. Rehiyon ng Silangang Visayas**

1. Kanlurang Samar
2. Hilagang Samar
3. Silangang Samar
4. Leyte
5. Timog Leyte

**IX. Rehiyon ng Zamboanga Peninsula**

1. Zamboanga del Norte
2. Zamboanga del Sur
3. Zamboanga Sibugay

**X. Rehiyon ng Hilagang Mindanao**

1. Camiguin
2. Misamis Oriental
3. Misamis Occidental
4. Bukidnon
5. Lanao del Norte

**XI. Rehiyong Davao**

1. Davao del Norte
2. Davao del Sur
3. Davao Oriental
4. Lambak ng Compostela

**XII. Gitnang Mindanao**

1. South Cotabato
2. North Cotabato
3. Sultan Kudarat
4. Saranggani

**XIII. CARAGA**

1. Surigao del Norte
2. Surigao del Sur
3. Agusan del Norte
4. Agusan del Sur

**Rehiyong Administratibo ng Cordillera (CAR)**

1. Kalinga
2. Apayao
3. Abra
4. Lalawigang Bulubundukin
5. Ifugao
6. Benguet

**Rehiyong Autonomo ng Kamuslimang Mindanao (ARMM)**

1. Lanao del Sur
2. Maguindanao
3. Sulu
4. Tawi-tawi
5. Basilan

**Pambansang Punong Rehiyon (NCR)**

1. Lungsod ng Maynila
2. Lungsod ng Quezon
3. Lungsod ng Pasay
4. Lungsod ng Kalookan
5. Lungsod ng Makati
6. Lungsod ng Mandaluyong
7. Lungsod ng Pasig
8. Lungsod ng Marikina
9. Lungsod ng Las Piñas
10. Lungsod ng Parañaque
11. Lungsod ng Muntinlupa
12. Lungsod ng Valenzuela
13. Lungsod ng Malabon
14. Navotas
15. Pateros
16. San Juan
17. Lungsod ng Taguig

## PAGSANAYAN MO

A. Tingnan mo ang mapa ng Pilipinas. Iguhit mo ang itsura ng rehiyon na sumasakop ng inyong lalawigan.


B. Pag-aralan at isaulo ang tula. Bigkasin nang may damdamin.

**Diwa ng Pagkakaisa**

***Mahalin, ipagmalaki ang mga lalawigan***
***Na siyang bumubuo sa bawat rehiyon***
***Ang mga mahirap at mga mayaman***
***Kung magtutulungan, buong bansa'y susulong.***


***Paunlarin natin bawat lalawigan***
***Sa pamamagitan ng pag-aasahan***
***Ang pagsisiraa'y dapat na iwasan***
***Diwang pagkakaisa'y iluklok sa bayan.***

Narito ang mapa ng Visayas. Pag-aralan ito at sagutin ang mga kasunod na tanong.



1. Anu-ano ang mga lalawigang bumubuo sa Gitnang Visayas. Itala mo sa iyong kuwaderno.
2. Bakatin o iguhit ang mga lalawigang bumubuo sa Silangang Visayas. Kopyahin ito sa mapang nasa larawan.
3. Suriin mo ang mapa ng Pilipinas sa pahina 2. Bakit kaya tinawag na Gitnang Visayas ang rehiyong ito?
4. Saang bahagi ng Visayas matatagpuan ang buong Samar?
5. Kung pag-aaralan mo ang ayos ng mapa ng Visayas, ano sa palagay mo ang pangunahing uri ng sasakyan na ginagamit sa pagpapalipat-lipat ng rehiyon?


Ito naman ang mapa ng Mindanao. Pag-aralan mo ito nang mabuti.




Sagutin at isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Anu-ano ang mga rehiyong bumubuo sa Mindanao?
2. Anu-ano ang lalawigan ng Rehiyong Davao?
3. Itala ang mga lalawigan ng Rehiyon ng CARAGA?
4. Saang Bahagi ng Mindanao makikita ang Rehiyong XII?
5. Anu-anong lalawigan ang bumubuo nito?

Ito naman ang mapa ng Luzon. Ang Luzon ang pinakamalaking pangkat ng pulong pangheograpiya ng Pilipinas.





1. Ilang rehiyon ang bumubuo sa Luzon?
2. Anu-ano ang mga lalawigang bumubuo sa Rehiyon ng Gitnang Luzon?
3. Ipaliwanag kung bakit ang Rehiyong Ilocos ay tinatawag na Hilagang kanlurang Luzon at ang Lambak ng Cagayan na Hilagang Silangang Luzon?
4. Itala ang mga lungsod at bayan ng Pambansang Rehiyon (NCR).



## TANDAAN MO

- Ang bansa ay nahahati sa 17 rehiyon.
- Ang bawat rehiyon ay binubuo ng magkakalapit at magkakaugnay na lalawigan.
- Hinati-hati ang bansa sa mga rehiyon upang maging maayos ang pamamahala sa kalagayan at pamumuhay ng mga mamamayan.



## ISAPUSO MO

Saang rehiyon ka nakatira? Bakit dapat mong ipagmalaki ang iyong rehiyon? Bakit kailangan mong sumunod sa mga patakaran at kautusan na nanggagaling sa mga pamunuan ng rehiyon?

Sumulat ka ng isang talata na tutugon sa mga katanungang binasa.



## PAGTATAYA

A. Piliin sa Hanay B ang katawagan na binabanggit sa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong kuwadernong sagutan.



| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. Rehiyon V | a. Lupa ng Masisigla at Matatapang na Tao |
| 2. ARMM | b. Rehiyon ng mga Bicolano |
| 3. Rehiyon VI | c. Kapatagan ng Gitnang Luzon |
| 4. Rehiyon IV-A | d. Lambak ng Cagayan |
| 5. Rehiyon IV-B | e. Rehiyong Autonomous ng Muslim Mindanao |
| 6. Rehiyon IX | f. Rehiyong Administratibo ng Cordillera |
| 7. Rehiyon VIII | g. Pambansang Punong Rehiyon |
| 8. Rehiyon X | h. Rehiyon ng Kanlurang Visayas |
| 9. Rehiyon XI | i. Rehiyon ng Gitnang Visayas |
| 10. CARAGA | j. Rehiyon ng Silangang Visayas |
| 11. Rehiyon III | k. Rehiyong Katagalugan |
| 12. CAR | l. Mga Islang Katagalugan |
| 13. Rehiyon I | m. Kanlurang Mindanao |
| 14. Rehiyon VII | n. Hilagang Mindanao |
| 15. Rehiyon XII | o. Timog Silangang Mindanao |
| 16. NCR | p. Rehiyon ng mga Ilokano |
| 17. Rehiyon II | q. Gitnang Mindanao |

B. Hanapin sa mapa ang mga sumusunod na lalawigan at isulat sa kuwadernong sagutan ang rehiyong kinabibilangan.

1. Tarlac - _____
2. Sorsogon - _____
3. Negros Oriental - _____
4. Lanao del Norte - _____
5. Basilan - _____
6. Misamis Oriental - _____
7. Timog Leyte - _____
8. Sultan Kudarat - _____
9. Lambak ng Compostela - _____
10. Zamboanga Sibugay - _____

C. Isulat sa kuwadernong sagutan ang titik ng tamang sagot.


1. Alin sa mga sumusunod ang nagtatakda ng paghahati-hati ng bansa sa mga rehiyon?
   a. Atas ng Pangulo blg. 373
   b. Atas ng Pangulo blg, 773
   c. Atas ng Pangulo blg, 737
   d. Atas ng Pangulo blg, 337

2. Alin sa mga sumusunod ang dahilan ng paghahati-hati ng bansa sa rehiyon?
   a. Upang mapaliit ang bilang ng krimen sa bansa
   b. Upang mabigyan ng mga pagkakataon ang mga walang hanapbuhay
   c. Upang baguhin ang sistema ng gobyerno ng bansa
   d. Upang maging maayos at mabilis ang pamamahala ng bansa

3. Saang rehiyon matatagpuan ang mga nakararaming Ilokano?
    a. Rehiyon I
    b. Rehiyon IV
    c. Rehiyon VIII
    d. Rehiyon X

4. Aling rehiyon ang nasa gawing kanluran ng Visayas?
    a. Rehiyon V
    b. Rehiyon VI
    c. Rehiyon VII
    d. Rehiyon VIII

5. Aling rehiyon ang nasa kanluran ng Mindanao?
    a. Rehiyon IX
    b. Rehiyon X
    c. Rehiyon XI
    d. Rehiyon XII



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.